# FEMA may Hiring sa Florida

**Release Date: Oktubre 5, 2023**

**LAKE MARY, Fla.** – Halina't magtrabaho para sa FEMA at tulungan mo ang iyong komunidad na makabawi mula sa mga kamakailang sakuna.

Ang FEMA ay nagsasagawa ng lokal na pag-hire para sa 33 posisyon sa Gainesville at Lake Mary. Ang ahensya ay naghahanap ng mga taong may karanasan sa geospatial (datos na nauugnay sa isang partikular na lokasyon) at pagsusuri ng datos, pangangasiwa ng floodplain (kapatagan na binabaha), relasyon sa media, pagsulat at pag-edit, disenyo ng komunidad, yamang tao at pagsasanay, pagpapagaan ng panganib, suportang pang-administratibo at pang-inhinyero at arkitektura, bukod sa iba pang mga kategorya ng trabaho. Ang mga empleyado ay magsisilbi sa mga operasyon sa pagbawi sa sakuna para sa Bagyong Ian, Bagyong Nicole, Bagyong Idalia at pagbaha sa Broward County.

Itong mga posisyon ay full-time, hanggang 120-araw na appointment, na maaaring pahabain depende sa pang-operasyon na pangangailangan.

Ang mga empleyadong lokal na hire ng FEMA ay karapat-dapat para sa mga sumusunod na benepisyo:

- Pangkalusugang seguro para sa saklaw ng indibidwal o pamilya. Ang kontribusyon ng tagapag-empleyo ay 75% ng premium. Ang mga empleyadong Lokal na Hire ay kwalipikado para sa enrollment sa saklaw ng seguro sa kalusugan mula ng opisyal na petsa ng hire/petsa ng pagtatrabaho sa FEMA.
- Nababaluktot na account sa paggastos
- Pederal na pangmatagalang seguro sa pangangalaga
- Kakayahang kumita ng 4-oras ng bayad na bakasyon sa sakait sa bawat panahon ng sweldo.
- Bayad sa bakasyon
- Kompensasyon sa manggagawa

Ang mga aplikante ay dapat mga mamamayan ng Estados Unidos, 18 taong gulang o mas matanda, at mayroong diploma sa mataas na paaralan o GED. Ang mga indibidwal ay kinakailangang pumasa ng isang imbestigasyon sa background

na kinabibilangan ng pagkuha ng bakas ng daliri at pagsusuri sa kredito, makagamit ng kanilang transportasyon papunta sa trabaho at pabalik at tumira sa loob ng 50 milya mula sa opisina ng empleyo. Ang tuluyan at pagkain ay hindi sasaklawin o irereimburse (ibabalik ang pinangbayad) ng ahensya. Ang mga empleyado ay kinakailangang ding lumahok sa mandatoryong direktang deposito/elektronikong paglilipat ng pondo para sa pagbayad ng suweldo.

**Paano mag-apply**: Ang mga interesadong kandidato ay hinihikyat na mag-apply sa online sa pamamagitan ng USAJobs.gov. Habang nagbabago ang mga pangangailangan sa operasyon sa sakuna, ang mga bagong posisyon ay ipo-post sa USAJobs**. Ang mga kandidato ay maaaring maabisuhan kapag mag-post ng Lokal na Hire na mga posisyon ang FEMA.** Maaari kang mag-save ng paghahanap upang matulungan kang maghanap ng trabaho sa iyong kinaiinteresan sa pamamagitan ng USAJobs. Para sa mga tagubilin, mangyaring bisitahin ang: USAJOBS Sentro ng Tulong | Paano mag-save ng paghahanap.